**ELECTION 2024**

**Voter Hotline: 1-888-API-VOTE**

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC




*Bilingual assistance is available in Bengali/Bangla (বাংলা), Cantonese (廣東話), English, Hindi (हिंदी), Korean (한국어), Mandarin (普通話), Punjabi (ਪੰਜਾਬੀ), Tagalog, Urdu (اردو), and Vietnamese (tiếng Việt)*




# Handa Ka Na Bang Bumoto?

**Araw ng Eleksyon: Martes, Nobyembre 5, 2024**

**Upang Makaboto, Kinakailangan na ikaw ay:**

- ☒ **isang mamamayan ng U.S.**
- ☒ **higit 18 ang edad sa Araw ng Eleksyon**
- ☒ **nakarehistro upang makaboto**

## Bago ang Araw ng Eleksyon:

- Tiyakin na ikaw ay nakarehistro
- Kung pinaplano mong bumoto ng personal sa Araw ng Eleksyon, i-tsek ang lokasyon ng iyong lugar ng botohan at ang oras ng operasyon nito bago ang mismong Araw ng Eleksyon
- Kung pinaplano mong bumoto ng personal sa panahon ng Maagang Botohan (kung mayroon man), i-tsek ang mga lokasyon na mayroong maagang botohan, ang oras ng operasyon nito, at ang mga araw na ito ay bukas
- Kung pinaplano mo na bumoto sa pamamagitan ng koreo:
    - Humiling ng mail-in na balota sa naaangkop na dedlayn
    - Subaybayan ang iyong balota (kung ang iyong estado ay nagbibigay ng ganitong kakayahan)
    - Magkaroon ng alternatibong plano kung sakaling hindi mo matanggap ang iyong balota sa tamang oras

*Alamin kung paano ka magiging handang bumoto sa iyong estado sa:*
**https://www.advancingjustice-aajc.org/election2024**

## Kapag bumoboto, mayroon kang Karapatan na:

- Magdala ng nais mong kasama upang tulungan ka sa pagboto sa lugar ng pagbobotohan kung ikaw ay nahihirapan sa wikang Ingles
- Makatanggap ng pangwikang tulong mula sa gobyerno sa mga piling lugar
- Bumoto nang walang pananakot o diskriminasyon mula sa ibang tao
    - Ang pananakot o diskriminasyon sa botohan ay maaaring ang isang tao ay ginugulo ka o sinasabihan ka na hindi ka maaaring bumoto dahil sa iyong punto o hinahamon ang karapatan mong bumoto sa ilalim ng maling isteryotipo na ikaw ay hindi isang mamamayan dahil sa iyong lahi o etnisidad

*Bisitahin ang aming website para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa lengguwahe sa pagboto:*
**www.advancingjustice-aajc.org/language-rights**

Kung ikaw ay may iba pang katanungan tungkol sa pagboto, gaano man kalaki o kaliit, tumawag sa amin sa **1-888-API-VOTE (1-888-274-8683)** para sa tulong sa Ingles, English, Mandarin, Cantonese, Korean, Vietnamese, Tagalog, Urdu, Hindi at Bengali/Bangla.
Kami ay nandito upang magbigay tulong bago, habang at pagkatapos ng Araw ng Eleksyon.